dinalá: Kinuha pa rin sa kanilang sisidlan ang halagang ₱5,000.00. Ninakaw! Palibhasa'y halos himatayín noon si ginang Guido kung kaya't hindi na niyá nalaman kung ano pa ang ginawa sa kanyang asawa't mga anák.

Si koronel Guido ay siyang Gran Maestre Delegado ng Gran Logia de Filipinas. Noong makatagpo kong patungo sa Santamesa ay kakausapin niya ang abogado Gonzalez, pagka't itó ang siyang Gran Secretario ng nasabi ring Gran Logia ng mga masón sa Pilipinas.

Di sasalang ang naging dahil ng tuwi na'y pagwawalang-tiwala ng mga hapon kay koronel Guido ay ang pagkakatanggi nitóng tumanggap ng ano mang katungkulan at gawain sa ilalim ng pangasiwaan ng hukbong hapon. Minsa'y nasabi niyang "magdidildil na ako ng asin, hindi ako tatanggap ng kahit anong halaga sa mga taong iyán." Noong itatag na muli ang kostabularya at nang tanungin ng ilang mga kaibigan kung siya'y tatanggap ng tungkol, ang kanyang naisagot ay "mamabutihin ko pang magtaním ng mga saging kay sa sumapi sa kostabularyang iyan."

Lubhang matigás ang loob ni G. Guido. Marahil, kung hindi siya naging masasaktin, kung kaya ng kanyang katawan, nakapamundok na sana't di na nahulog sa kamáy ng mga kaaway na maka-hayop. Gayunpamán, dito sa loob ay gumanáp siyá ng isáng mahalagang tungkulin sa mga lihim na kilusan. Kainalám niya sa gawaing itó ang isang komandanteng amerikano, si Mr. Cushing at ang heswitang si pari Hurley. Nangingilak at nagpapadalá ng salapi at pagkain si koronel Guido sa mga gerilyang namumundok at siya rin ang nagbibigay ng mga balita hinggil sa kilos ng mga kawal na hapon. Gaya nang sukat maalaala, si koronel Guido, bago nagsiklab ang digma ay siyang puno ng *Intelligence Division* ng Kostabularya.

Kahit na naialís si Guido, sa paligid ng bahay nito ay nagsitaliba pa rin ang mga hapon at pagkatapos ay pinaulanán ng punlo ng kanilang mga masinggan. Salamat na lamang at ang maybahay ni koronel Guido at ang iba pang kasama sa bahay ay nakapagtago sa ilalim ng kanilang kusina, pagkapanaog na pagkapanaog ng mga nagsipaghalughog sa kanilang tahanan.

* * *

Si koronel Alejo Valdes, kapatid ni heneral Basilio J. Valdes, ay pinatay naman sa isang loobang walang bahay sa daang Pennsylvania, karatig ng isang gusaling sunóg.

Isinalaysay ni Antonio J. Beltran na nakita niya nang barilín ang nasabing koronel. Siya'y nakatira sa bahay na kanugnog ng pinagbarilan at nakasilip siya noon sa isang butas ng dinding. Si koronel Valdes ay dinala roong nakagapos ang mga kamay, kasama ng nakagapos din niyang anák at pito pang hindi niya nakikilala. Lahát sila ay inihanay sa tabí ng isang bakod na bató o pader. Si koronel Valdes ay lumuhod munang sumandali, marahil ay upang magdasál, at ang siya'y tumayo ay binaril na ng mga kawal na hapón. Lahat ay parang tinibáng nangabuwál. Bago iniwan ang kanilang mga bangkay ay minasinggan pa mandin.

Alinsunod kay heneral Valdes, bilang pag-alinsunod sa sumpang pagtatapát ay hindi nakitulong ang kanyang kapatid sa mga hapon. Nang pumasok na sa Maynila ang mga kaaway, si koronel Alejo Valdes ay pinaratangan ng mga itó na siyang nagpasunog sa lahát ng bodega ng hukbo ng Estados Unidos sapagka't nang panahóng iyón ay si koronel Valdes ang siyang puno ng Harbor Police. Dahil sa paratang na itó ay dinakip siya't pinahirapan sa pinagdalháng Elks Club.

Ayon sa sabi ni heneral Valdes, kapatid ng sawimpalad na koronel, ay tumanggap siya ng isang sulat na padalá ng isang manggagamot na pranses at ibinabálitang nakita ng nasabing manggagamot ang pagkakapatáy sa kanyang kapatid at alam din niya kung saan ibinaóng kasama ng iba pa. Kasama ng iláng katao at dalá ang mga kinakailangan ay nagtungo si heneral sa pook na pinagbarilan at pinagbaunán. Nang hukayin ay nakilala niyá ang kanyang kapatid dahil sa damit na suot at sa ilang palatandaan sa katawán. Nakagapos pa hangga noon ang mga kamay ng koronel. Ang bangkay ni koronel Alejo Valdes ay dinala ng kanyang kapatid sa libingan sa hilaga at inilibíng doon na gaya ng nararapat sa isang taong katoliko.

Maidaragdag pa namin dito ngayon na si propesor Daniel de la Paz ng Pamantasan sa Pilipinas ay isa sa mga pinatáy sa tapát ng Corona Restaurant sa Abenida Taft.

Magtatakíp-silim noon ng ika-10 ng Pebrero. Sa salikop ng mga daang Abenida Taft at Isaac Peral ay nagkakatipon ang maraming tao, pagka't doon sila nagsipanakbuhan samantalang nasusunog ang kaniláng mga tahanan.

"Walang anu-ano — ipinahayag ni Alfredo Lagmay,—ay dumatíng ang mga kawal na hapon at ipinag-utos na magbukod ang mga babai at lalaki. Ang mga babai ay dinaláng patungo sa gawi ng ospital heneral at ang mga lalaki ay pinahanay sa tapát ng Corona Restaurant. Kapagkaraka ay pinaputók ang mga masinggan at ang mga nakahanay ay isa-isáng nangabuwal sa tama ng mga punlo. Pagkatapos ay pinaghahalibas pa ng mga sable ng mga opisyal ang mga bangkay na halos patungpatong. Yaong mga sundalong waláng sable ay ginamit ang kanilang bayoneta na siyang ipinanaksák sa mga binaril na lalaki."

Ayon pa kay G. Lagmay ay nakilala niya, sa bunton ng mga bangkay, si propesor Daniel de la Paz nga ng paaralán sa panggagamot ng U.P., saka ang bangkay ni mahistrado Anacleto Diaz at gayon din ang kay Luis Perez Samanillo.

* * *

Ang susunod na lathala ukol sa bagay ding itó na nangyari sa kabila ng ilog-Pasig ay may pamagát na WALANG KASING SAMA! na kung naging mahalagá ang mga sinundán ay lalo pang magiging mahalaga ito sa lahat ng mambabasa. Malalarawang buungbuo sa WALANG KASING SAMA! ang kakila-kilabot na katampalasanang ginawa ng mga hapon sa kabila ng ilog. Mabubunyag sa lahát ang nakalulunos na mga pangyayari sa ilan pang mga litaw na ginoo at ang mahahalay na katampalasanang ginawa pa rin sa kababaihan ng ating mga lipunan.

Ang sumusulat nito'y patuloy pa rin sa pagtitipon ng mga di-pangkaraniwang tala ng mga pangyayari.

## *Tulang Pambata*

# O BUWAN

*O! Buwang maganda, ako ay pakinggan;*
*Bakit ba madalas na anyo kang suklay*
*O kaya'y maputlang bolang kumikinang;*
*Bakit ba may gabing di ka lumilitaw*
*Kaya't ang daigdig, luksa't nalulumbay?*

*Kapag ga-suklay ka lamang na maliit,*
*Wala kang halaga sa aking pangmasid,*
*Kapag bola ka nang malaki't marikit,*
*Napakikilos mo ang puso ko't dibdib,*
*Napasasaya mo ang buong daigdig.*

*O! Buwang marikit, O! Buwang masigla,*
*Ang kanitang palad mandin ay iisa,*
*Pag ikaw ay munti, wala kang halaga,*
*Nguni't kapag bilog na bolang maganda.*
*Lahat na ng tao'y kinalulugdan ka.*

*Tayo'y magkatulad—ako saka ikaw;*
*Ngayon, paslit ako—walang kabuluhan;*
*Bukas kung sakaling araw ko'y dumatal,*
*Maging mahalaga sa mata ng tanan,*
*Ako ma'y buwan din na kaluluguran.*

*JOSE G. KATINDIG*

Talasalitaan:

1—kumikinang.........shining; brilliant
2—pakinggan..........listen
3—daigdig.............world; universe
4—nalulumbay.........sad
5—pangmasid..........observation
6—dumatal.............arrive
7—marikit.............beautiful
8—masigla ............lively; animated
9—kinalulugdan........take delight in; feel satisfied with
10—paslit ..............young inocent child
11—kabuluhan..........importance; value
12—kaluguran ..........give satisfaction